## Impormasyon para sa mga biktima

Ibinibigay sa iyo ng Batas ng California sa Katipunan ng mga Karapatan ng mga Biktima (California Victims' Bill of Rights Act) na kilala bilang Marsy's Law, itong mahahalagang legal na karapatan:

- **Kumuha ng kabayaran para sa mga pinsalang iyong natamo.** Mag-apply para sa kabayaran upang saklawin ang mga pinsala sa iyong ari-arian, mga gastusing medikal, mga nawalang suweldo, at iba pang pinsala.
- **Sabihin kung paano nakaapekto sa iyo ang krimen.** Sabihin sa korte kung paano nakaapekto ang krimen sa iyong buhay bago mahatulan ang akusado.
- **Kumuha ng impormasyon tungkol sa kasong kriminal.** Humingi sa taga-usig ng partikular na impormasyon tungkol sa kaso.
- **Kumuha ng mga kautusan mula sa korte.** Maaaring maglabas ang korte ng kautusan laban sa pananakit at pagbabanta upang panatilihing malayo sa iyo ang akusado o isang kautusan upang bayaran ang mga bayad sa abogado kung umupa ka ng abogado para tulungan ka sa iyong kaso. Maaari ding mag-utos ang korte sa akusado na bayaran ka ng $25,000 o higit pa sa paglabag sa iyong mga karapatang sibil. (Makipag-usap sa isang abogado tungkol sa iyong mga karapatan na saklaw ng Ralph Act at ng Bane Act.)
- Ipinagbabawal ng batas ng California sa mga awtoridad na tagapagpatupad ng batas ang pagtatanong sa mga indibiduwal, kabilang ang mga taong nagsusumbong o mga biktima ng mga posibleng krimen, tungkol sa katayuan sa imigrasyon, maliban kung kailangan ang impormasyon upang patunayan ang biktima para sa isang U visa (visa para sa biktima ng krimen) o T visa (visa para sa biktima ng pangangalakal ng tao).

Rev 3-2021

<Tagalog>

## Saan hihingi ng tulong

Tumawag sa 911 o pumunta sa isang lokal na ospital kung kailangan mo ng agarang pansin. Upang magsampa ng sumbong, makipag-ugnayan sa inyong lokal na ahensya na tagapagpatupad ng batas.

***Yunit ng Opisina ng Attorney General ng California para sa mga Serbisyo sa mga Biktima (California Attorney General's Office Victims' Services Unit) –*** Nagbibigay ng suporta at impormasyon sa mga biktima ng krimen at sa kanilang mga pamilya sa buong proseso ng pag-uusig sa kriminal. Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa (877) 433-9069 o bisitahin ang oag.ca.gov/hatecrimes.

***Kagawaran ng Patas na Pagtatrabaho at Pabahay (Department of Fair Employment and Housing o DFEH) ng California –*** Ahensya ng estado na namamahala sa pagpapatupad ng mga batas sa karapatang sibil ng California at pagprotekta sa mga tao mula sa mga labag sa batas na diskriminasyon sa pagtatrabaho, pabahay, at pampublikong tirahan at mula sa mga karahasang dulot ng galit at pangangalakal ng tao. Tinatanggap ng DFEH ang mga paghahabol mula sa mga biktima ng karahasang dulot ng galit o mga pagbabanta ng karahasan dahil sa isang tunay o pinaghihinalaang protektadong grupong panlipunan ng biktima. Para sa impormasyon sa kung paano magsasampa ng paghahabol, bisitahin ang dfeh.ca.gov.

***Sentro ng Tulong para sa Saksi at Biktima ng Opisina ng Lokal na Abogado ng Distrito (Local District Attorney's Office Victim Witness Assistance Center) –*** Direktang nakikipagtulungan sa Lupon ng California para sa Kabayaran sa Biktima (California Victim Compensation Board o CalVCB) upang tulungan ang mga biktima sa bawat county. Para sa impormasyon tungkol sa lokal na tanggapan at mga mapagkukunan, bisitahin ang victims.ca.gov/victims/localhelp.aspx.

***Kagawaran ng Katarungan ng U.S., Mga Serbisyo sa Ugnayang Pangkomunidad (U.S. Department of Justice, Community Relations Services) –*** Nakikipagtulungan sa mga grupo sa komunidad upang lutasin ang mga alitan sa komunidad at maiwasan at tugunan ang mga sinasabing krimeng dulot ng galit. Para sa impormasyon, bisitahin ang justice.gov/crs.

*Sinuportahan ang paglalathalang ito ng pagpopondo na iginawad ng pederal na 2018 VOCA funds, Grant Subaward Number VT20199504 sa pamamagitan ng Tanggapan ng Gobernador ng California para sa mga Pang-emerhensyang Serbisyo (California Governor's Office of Emergency Services, CalOES).*

# MGA KRIMENG DULOT NG GALIT




## Ano ang Kailangan Mong Malaman upang Protektahan ang Iyong Sarili at Ibang Tao

CALIFORNIA
DEPARTMENT OF JUSTICE
VICTIMS' SERVICES UNIT

**Ang Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice) ng California** ay may mga kagamitan at mapagkukunan na magagamit upang tumulong at suportahan ang lokal, pang-estado, at pampederal na mga awtoridad na tagpagpatupad ng batas sa pag-iimbestiga ng mga posibleng krimeng dulot ng galit, kabilang ang pagkilala, pag-aresto, pag-uusig, at paghatol sa mga salarin ng mga krimeng iyon.

**Ibinibigay ng California Attorney General na si Rob Bonta** ang sumusunod na impormasyon sa kung paano kilalanin at iuulat ang mga krimeng dulot ng galit at ang mga serbisyong magagamit ng mga biktima ng mga krimeng dulot ng galit.

## *Krimeng dulot ng galit o insidenteng dulot ng galit?*

Mahalagang malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng krimeng dulot ng galit at insidenteng dulot ng galit.

Ang krimeng dulot ng galit ay isang krimen laban sa isang tao, grupo, o pag-aari na nahikayat dahil sa tunay na o pinaghihinalaang protektadong grupong panlipunan ng biktima. Maaaring kasuhan ang mga krimeng dulot ng galit bilang mga maliliit na paglabag sa batas o mabibigat na kasalanan depende sa mga ginawang pagkilos.

Sa California, maaari kang maging biktima ng isang krimeng dulot ng galit kung naging target ka dahil sa iyong aktwal o pinaghihinalaang:

- Lahi o etnisidad,
- Nasyonalidad
- Relihiyon,
- Kasarian
- Oryentasyong sekswal,
- Kapansanan sa katawan o isipan, o
- Kaugnayan sa isang tao o grupo na may isa o higit pa nitong mga “aktwal” o “pinaghihinalaang” katangian.

Mangyaring tandaan na mga halimbawa lamang ang nakalista sa itaas na mga katangian, at umiiral ang iba pang basehan para sa aktwal o pinaghihinalaang katangian ng protektadong grupong panlipunan.

**Kung nakasaksi ka ng isang krimeng dulot ng galit, dapat mong isumbong ang krimen sa inyong lokal na ahensya na tagapagpatupad ng batas.**

Ang isang insidenteng dulot ng galit ay isang pagkilos o pag-uugali na hinikayat ng galit ngunit legal na protektado ng karapatan sa kalayaang magpahayag sa Unang Pagsusog (First Amendment). Kung nagsisimulang magbanta sa isang tao o ari-arian ang insidenteng dulot ng galit, maaari itong maging isang krimeng dulot ng galit.

***Kabilang sa mga halimbawa ng mga insidenteng dulot ng galit ang:***

- Pagbabansag ng pangalan
- Mga pang-iinsulto
- Pagpapakita ng mga nakagagalit na materyales sa iyong sariling ari-arian.
- Pagpapaskil ng mga materyales na nakagagalit na hindi nagreresulta sa pagkasira ng ari-arian.
- Pamamahagi ng mga materyales na may mga mensahe ng galit sa mga pampublikong lugar.

## *Paano matutukoy ang isang krimeng dulot ng galit*

**Ang mga palatandaan na nahikayat ng galit ang isang krimen ay maaaring kinabibilangan ng:**

- Pinili ng nagkasala ang biktima o ari-arian dahil pag-aari ito ng isang protektadong grupo, gaya ng isang partikular na relihiyon o kasarian.
- Gumawa ang nagkasala ng nakasulat o berbal na mga puna na nagpapakita ng masamang palagay.
- Nangyari ang krimen sa petsang mahalaga para sa protektadong grupo ng biktima o nagkasala.
- Mayroong organisadong aktibidad ng pagpapakita ng galit na nangyayari sa lugar.

**Kung biktima ka ng isang krimeng dulot ng galit, dapat kang:**

- Makipag-ugnayan kaagad sa inyong lokal na ahensya na tagapagpatupad ng batas.
- Magpatingin sa doktor o pumunta sa ospital (kung kinakailangan ito).
- Isulat ang eksaktong mga salita na sinabi.
- Gumawa ng mga tala tungkol sa anumang iba pang katotohanan.
- I-save ang lahat ng ebidensya (hal., bandalismo, mga balat ng itlog, mga nakasulat sa sasakyan ng biktima). Kung ligtas, maghintay hanggang sa dumating at kumuha ng mga litrato ang mga tagapagpatupad ng batas.
- Kuhanin ang mga pangalan, address, numero ng telepono, at email ng iba pang mga biktima at saksi.
- Subukang kumuha ng paglalarawan mula sa sinumang saksi sa kriminal o sasakyan.
- Makipag-ugnayan sa mga pangkomunidad na organisasyon sa inyong lugar na tumutugon sa mga krimeng dulot ng galit.

**Ano ang magagawa mo at ng inyong komunidad**

- Magsalita laban sa galit at hindi pagpaparaya.
- Magdaos ng mga rally sa komunidad upang suportahan ang mga biktima.
- Mag-alok ng suporta at tulong sa mga biktima.
- Hilingin sa mga pampublikong opisyal na magsalita laban sa mga krimeng dulot ng galit.
- Magtatag ng komisyon sa ugnayang pantao o network para sa krimeng dulot ng galit na kabilang ang tagapagpatupad ng batas, lokal na gobyerno, mga paaralan, relihiyosong organisasyon at pangkomunidad na organisasyon. Hilingin sa kanila na tumugon kaagad sa mga krimeng dulot ng galit kapag nangyari ang mga ito at itaguyod ang pag-iwas at kamalayan.

**OAG.CA.GOV/HATECRIMES**